



# NEWS RELEASE

[baaqmd.gov](http://baaqmd.gov)



**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Mayo 1, 2024  
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** [communications@baaqmd.gov](mailto:communications@baaqmd.gov)

## **Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin, pinagtibay ang Planong Daan Tungo sa Malinis na Hangin para mapaganda ang kalidad ng hangin sa Richmond-North Richmond-San Pablo**

**SAN FRANCISCO** – Pinagtibay ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang Plano sa Pagbabawas ng Mga Emisyon sa Komunidad Bilang Daan Tungo sa Malinis na Hangin para sa Richmond-North Richmond-San Pablo.

Ginawa ang plano sa pakikipagtulungan sa Steering Committee ng Komunidad ng Daan Tungo sa Malinis na Hangin na kinabibilangan ng mga miyembro ng lokal na komunidad, pampublikong ahensya, at iba pang stakeholder. Tinutukoy ng plano ang mga alalahanin sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan na dapat maaksyunan kaagad, at nag-aalok ito ng mga solusyon para matugunan ang mga ito.

“Ang pagpapatibay sa Planong Daan Tungo sa Malinis na Hangin ay isang mahalagang hakbang para makamit ang mga on-the-ground na pagpapaganda sa kalidad ng hangin at pagpapabuti sa kalusugan ng publiko sa isang komunidad na matagal nang apektado ng polusyon sa hangin,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang planong ito, na ginawa kasama ang Steering Committee ng Komunidad ng Daan Tungo sa Malinis na Hangin ay tutugon sa mga isyu sa katarungan sa kapaligiran at sa mga pagkakaiba-iba sa pagkakalantad sa polusyon sa lugar ng Richmond-North Richmond-San Pablo. Nararapat lang na magkaroon ang lahat ng residente ng Bay Area ng magandang kalidad ng hangin.”

“Isang makasaysayang sandali ang pagtugon ng planong ito at ang pagbibigay nito ng solusyon sa isa sa napakahahalagang determinant ng kalusugan sa lipunan — ang pampublikong kalusugan,” sabi ni Y’Anad Burrell, MPA/MHA, ang miyembro at dating co-chair ng Steering Committee ng Komunidad ng Daan Tungo sa Malinis na Hangin. “Sa pagpapatupad sa planong ito, kinakailangan ng mga ahensya, inihalal na opisyal, at lider sa komunidad na abutin ang iba’t ibang sektor para matiyak na maririnig ang boses ng mga pinakaapektado sa ating mga pinagseserbisyuhang lugar.”

Sinasaklaw ng plano ang lungsod ng Richmond at San Pablo at ang ilang unincorporated na lugar sa County ng Contra Costa, kasama ang North Richmond, na apektado ng mga pinagmumulan ng polusyon sa hangin kasama ang fuel refining, mga barko, marine terminal, pasilidad para sa industrial manufacturing, riles ng tren, sasakyan, at freight traffic. Ayon sa CalEnviroScreen 4.0, may ilang komunidad sa lugar ng Daan Tungo sa Malinis na Hangin na

nasa ika-90 porsyento ng problema sa polusyon, na ilan sa pinakamatataas sa California. Sa isang pag-aaral ng Contra Costa Health Services noong 2018, nakitang mas mataas, sa average, ang rate ng hika sa county kumpara sa iba pang bahagi ng estado at mas mataas ito, sa partikular, para sa mga bata at Black na residente.

Isasaalang-alang ng Lupon ng Mga Resource ng California ang nasabing plano para sa pag-apruba sa huling bahagi ng taong ito. Para matuto pa, bumisita sa <https://www.baaqmd.gov/PTCA-CERP>.

Ang Planong Daan Tungo sa Malinis na Hangin ay ginawa bilang kinakailangan ng AB 617, na isang batas ng estado na kinikilala na bagama't nagkaroon na ng malaking pagpapaganda sa kalidad ng hangin sa California, hindi pantay ang pagkakaroon ng benepisyo sa lahat ng komunidad, at ang ilang komunidad na malapit sa mga freeway, daungan, industriya, o iba pang malaking pinagmumulan ng polusyon ay nangangailangan ng karagdagang pagtuon at mapagkukunan para mapababa ang mga antas ng pagkakalantad.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)